# Paano Natin Maihahanda ang Ating Sarili para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo?

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Tinapos ni Pablo ang kanyang unang sulat sa mga taga Tesalonica sa pagbibigay ng payo tungkol sa kung paano magiging mas handa ang mga Banal na humarap sa Tagapagligtas sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Basahin ang 1 Tesalonica 5:14–22 at alamin kung ano ang matututuhan mo tungkol sa pagiging handa. Pag-isipan kung aling mga turo ang maaaring makatulong sa iyo.

- Alin sa mga turong ito ang pinakamakabuluhan sa iyo? Bakit?

Maghanap ng isa o dalawang banal na kasulatan na makatutulong para mapalalim ang pag-unawa mo sa turong pinili mo. (Maaari kang gumamit ng mga cross-reference o maghanap ng isang paksa sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.)

- Paano ka tinulungan o tutulungan ni Jesucristo na maging handa sa Kanyang Ikalawang Pagparito? Ano ang matututuhan mo tungkol sa Kanya mula rito?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *How Can We Prepare Ourselves for the Second Coming of Jesus Christ?*. Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.